

Nakakuha na ako ng bakuna sa COVID-19, ano ang susunod



Hanggang sa ang karamihan ay makatanggap ng bakuna, kailangan nating **panatilihin ang paggawa ng hakbang** para protektahan ang ating sarili at ang iba. Pagkatapos ng pagbabakuna, ipagpatuloy ang **pagsusuot ng mask** (sa loob at labas kapag kasama ang iba), manatili ng kahit **6 talampakan ang layo** mula sa iba, **iwasan ang mataong lugar**, at **maghugas ng mga kamay** palagi.

Pagplanuhan ang Pagkuha ng Ikalawang Dosis ng Bakuna

- Sa pagkakaroon ng bakuna sa COVID-19, kailangan mo ng **2 dosis** para makuha ang pinakamabuting proteksyon.
- Kung natanggap mo na ang unang dosis, pagplanuhan ang pagkuha ng iyong ikalawang dosis ng parehong tatak ng bakuna **3 o 4 na linggo pagkatapos** ng unang dosis.
- Ang pagsasaoras ay depende sa **kung anong bakuna** ang ibinigay sa iyo.
- Alamin kung ang lugar kung saan nakuha mo ang unang dosis ay magpapadala sa iyo ng **paalala** para sa ikalawang dosis. Kung hindi, **itala ito** sa papel o sa elektronikong kalendaryo.
- Kung ikaw ay nakaranas ng mahinang ibang epekto pagkatapos ng bakuna, tulad ng lagnat, pananakit ng katawan, o pananakit ng ulo, **ligtas pa ring makakuha ng ikalawang dosis** maliban na lang kung ang iyong tagabigay ng pangangalaga ang magsabi na hindi na dapat.

Iulat ang mga Ibang Epekto ng Bakuna

- Ang mga ibang epekto ay mga sinyales na ang katawan mo ay **gumagana para gumawa ng proteksyon** laban sa COVID-19. Dapat ay mawala na ito pagkatapos ng ilang araw.
- Maaari kang mag-sign up ng libre, siguruhin ang kagamitan para sa smartphone mula sa CDC sa **vsafe.cdc.gov** para makakuha ng impormasyon at masabihan ang CDC ng anumang iba pang epekto.
- Kung ang mga iba pang epekto sa iyo ay hindi nawawala o nababahala ka, **tumawag sa iyong tagabigay ng pangangalaga**.

